

# 1

“What? How could she do this? I did not approve her resignation! Get her on the phone! Now!” Dumadagundong ang boses ni Jax nang i-report ng kanyang sekretarya na hindi na papasok si Alyssa dahil nang nagdaang araw ang last day nito.

May importanteng kliyente pa naman siyang kakausapin sa araw na iyon. He recalled having read Alyssa’s resignation letter a few weeks back, pero ibinasura lang niya iyon. Pagkatapos ay nawala na sa isip niyang kausapin pa ito tungkol doon. At dahil hindi rin naman inulit o inungkat ng babae ay hindi na nila iyon napag-usapan pa.

He never expected that she would pursue her stupid resignation! Hindi siya makapaniwalang pagkatapos nitong magtrabaho sa kanya sa loob ng anim na taon bilang kanyang executive assistant ay bigla na lamang itong magbibitiw sa trabaho. As far as he was concerned, they had a very good working relationship. Beyond that, they enjoyed each other’s friendship. Well, at least, masasabi niya iyon para sa sarili niya.

Si Alyssa ay hindi lamang niya nakasundo dahil

sa husay nito sa trabaho, kundi dahil nakuha nito ang tiwala niya maging sa kanyang personal na buhay. In fact, he considered her as a friend, a confidant. Lagi niya itong karay-karay kahit saang meeting. Kabisado nito ang mga ayaw at gusto niya, maging ang mga mood swings at pati na rin allergies.

Kung papipirmahin siya ng slumbook, malamang kayang-kaya iyong punan ng babae para sa kanya, hanggang sa definition niya ng love, first kiss, first love. Maging ang size ng mga suits niya, belt, sapatos, medyas, at pati na rin briefs ay alam ng babae. Minsan kahit wala siya ay nakakapamilya ito ng gamit para sa kanya. Ganoon siya kakilala nito. O mas tamang sabihing ganoon siya ka-dependent dito. Panic mode tuloy siya sa pag-alis ni Alyssa.

He recalled the first time they met. He was badly in need of an assistant, kaya kahit walang experience sa pagiging executive assistant ay tinanggap niya si Alyssa.

Una, matalino—hindi lang sa academics kundi street smart. Plus factor iyon sa kanya dahil mahirap ituro ang pagiging madiskarte.

Ikalawa, single ito kaya wala siyang aalalahaning kaagaw sa oras at atensyon nito. He demanded very much and he expected compliance, all the time.

At ikatlo, maganda at maganda manamit, bagaman hindi iyong gandang tipo niya. Puwedeng-puwede niyang iharap sa mga business associates at bitbitin sa meetings. Tingin niya ay makakagamayan kaagad nito ang trabaho.

*“You may start reporting tomorrow. I will ask my former assistant to provide you everything you need to know about your job and about me.”*

*“A-about you, Sir?”* alanganing kumpirma ni Alyssa sa sinabi ng bagong boss.

*Nangunot ang noo ni Jax sa tanong nito. “I thought you are smart, Miss Corporal, o nagkamali ba ako ng assessment? Of course, about me. You need to know everything about me since you will be my assistant, pati mga personal na bagay gaya ng suit size, pant size, belt, color preference, style, timpla ng kape ko, allergies, lahat!”*

*Napaatras nang bahagya ang dalaga at namilog ang mga mata nito sa pagkagulat. Pero maliban doon ay pinanatili nito ang composure. Marahil ay ayaw ipahalatang na-intimidate sa kanya, which was good. He liked that. Hindi niya kailangan ng assistant na laging mapapatalon mataasan lang ng boses.*

*“Uhm... even your socks and brief size, I suppose?”*

*tanong pa nito.*

*Muntik na siyang matawa. He found her question amusing lalo pa at nang tingnan niya ito ay tila seryoso talaga sa itinanong. Of course not, hindi kasama ang briefs, too personal, pero iba ang isinagot niya.*

*“Lahat! Anong parte ang hindi mo nakuha d’un? Kung hindi mo pala kaya, better tell me now”*

*“I’m sorry, Sir, just clarifying. I’ll see you tomorrow.”*

Six years later, kabisadung-kabisado na siya ni Alyssa, hindi lang trabaho nito. Kabisado na rin niya ito. Kaya hindi niya lubos-maisip kung ano ang nakain nito at biglang nag-resign. More than the job she ‘abandoned’, pakiramdam niya ay siya ang inabandona ng babae. And somehow, he felt betrayed. Lalo tuloy nagtagis ang kanyang mga bagang dahil sa naisip. Para sa kanya ay napaka-inconsiderate ni Alyssa. Iniwan na lang siyang basta-basta.

Absent-mindedly, he reached for his cup of coffee. At lalo pang uminit ang ulo niya nang hindi niya mawari ang lasa ng kanyang kape. Lasang powdered creamer na hinaluan ng kape!

“Lexie!” mariing tawag niya sa sekretarya gamit ang intercom. Pagpasok nito ay bahagya pa itong nakayuko at animo maluluha anumang sandali. Sa

halip tuloy na sermunan pa ito ay pinigil na niya ang sarili at baka pati sekretarya ay mawalan siya sa araw na iyon.

“Y-yes, Sir?” mahinang tugon ng babae.

“Nakausap mo na ba si Alyssa? I want to talk to her.”

“Opo, Sir, kaya lang busy daw siya, may photo shoo—”

“What? Did you tell her na gusto ko siyang makausap?”

“O-opo, Sir. I t-told her it’s urgent. Sinabi niya po she’ll c-call you na lang pagkatapos.”

Lalong kumunot ang noo ni Jax. Marahas siyang napabuga ng hangin bago sinabi kay Lexie na maaari na itong bumalik sa puwesto nito. Siya na mismo ang sumubok na tumawag kay Alyssa.

---

“Bumalik ka na kasi, Ma’am Alyssa. Araw-araw na lang galit si Sir Jax, eh,” sumbong ni Lexie kay Alyssa.

She rolled her eyes. As if may bago sa ganoon. Her ex-boss was always mad at something. God

knows kung paano niya nakuha ang kiliti nito kaya siya tumagal ng anim na taon kasama ito.

“Kahit naman n’ung ‘andiyan ako, Lexie, ganyan na si Sir. He won’t change just because ‘andiyan ako.”

“At least, napapakalma mo siya.” Patlang. “Hay, samantalang ako parang the more I do, the more he gets mad. Pati kape ay ikinagagalit niya.”

Dama ni Alyssa ang frustration ng kausap. Somehow, she felt guilty dahil iniwan niya nga naman ito. Kahit pa sabihing inihanda niya ito sa pag-alis niya, alam niyang magiging challenging pa rin dahil kabisado niya ang ugali ng kanyang dating boss. At hindi sanay si Lexie na makiharap dito dahil laging siya ang kabuntot ng amo. Kung susumahin, mas mukha pang sekretarya niya si Lexie kaysa secretary ni Jax. Sa kanya kasi dinadaan ng lalaki ang lahat. Pagkatapos ay siya na ang bahalang mag-assign ng trabaho sa staff. Sa kanya muna rin dumadaan lahat bago makarating sa lalaki.

“Ganito na lang, Lexie. I’ll try to talk to Sir Jax, okay? Baka p’wedeng humanap na ng kapalit ko para hindi mo solo ang trabaho at pressure. For the meantime, just detach yourself from your emotions. Huwag mong dibdibin. Isipin mo na trabaho lang ’yan.”

“Promise?” hirit pa nito. Hindi niya maiwasang mangiti sa paglalalambing ng kausap. Mas bata ito sa kanya ng pitong taon at unang trabaho nito ang pagiging sekretarya ni Mr. Jacinto ‘Jax’ Jacinto Jr., panganay at paboritong anak ni Don Jacinto Jacinto Sr. Ito ngayon ang tagapamahala ng *Jacinto MegaHoldings*.

“Promise.”

Kahit tuloy iniiwasan ni Alyssa ay naalala niya ang dating amo. Jax grew up in a very wealthy family. He was now thirty years old. Nauunawaan niya kung bakit ganoon na lang ang tingin ng ibang tao rito—arogante, tyrant, walang konsiderasyon, makasarili, pera lang ang pinahahalagahan. Pero para sa kanya, walang katotohanan ang lahat ng iyon.

To her, Jax was confident, hardworking, driven, and humane. He felt stressed; he had insecurities, fears and battles of his own. Wala itong ipinagkaiba sa kanila. Iyon nga lamang ay napakabigat ng nakaatang sa mga balikat nito. Work took too much of his time, and she wondered if he even had time for himself, to pursue the things he liked.

Palibhasa ay hindi naman nila kilala ang binata.

*At ikaw kilala mo siya? singit ng utak niya.*

Nagkibit-balikat siya. *Siguro. At least, nakikita ko ang ibang side niya na hindi alam ng iba, katuwiran niya.* Hindi siya tatagal ng anim na taon kung halimaw ang kanyang amo, kahit pa sabihing malaki talaga kasya karaniwan ang suweldo niya.

Sa totoo lang, hindi mahalaga sa kanya ang sahod. Hindi niya iyon kailangan. She had money of her own, pamana ng kanyang yumaong abuela. Matagal nang patay ang kanyang ina na solong anak din, kaya siya ang nag-iisa at tanging lehitimong tagapagmana ng kanyang lola.

Bagaman walang kapatid at laki sa lola, masayang lumaki si Alyssa. Walang masyadong drama sa buhay. Palibhasa ay napalilibutan siya ng pagmamahal. At dahil nag-iisang apo, lumaki siyang nabibili lahat ng maibigan. Totoong kikay siya at mahilig sa magagandang bagay, ngunit maganda rin ang kanyang asal at hindi niya tinuturing na mas mababa sa kanya ang ibang tao.

Sa katunuyan, mahal na mahal siya ng kanilang mga kasambahay dahil tulad siya ng kanyang lolang mapagmalasakit at matulungin. Isa marahil iyon kung bakit inuulan siya ng blessings. Pakiramdam niya lahat ng hingin niya kay Lord ay binibigay Nito, maliban nga lang sa isang bagay—pag-ibig!



## 2

“Good morning!”

Masiglang mukha ni Jax Jacinto Jr. ang bumungad sa kanyang paningin pagbukas niya ng pinto ng condo unit. Rumehistro ang pagkagulat sa mukha ni Alyssa nang makita niya ito, pagkuwan ay napalitan ng paghanga na mabilis niyang ikinubli. Pero sino ba naman kasi ang hindi tatablan sa hitsura at tindig ng kanyang guest? He smelled of the forest, iyong kapag katatapos lang ng ulan. Naghahalo iyon sa pabango nito. Pasimple pa siyang suminghot. Oh, how she missed his scent!

Natauhan siya nang maalala ang sariling hitsura.

Hair? Check! Makeup? Perfect! Outfit? Killer! Tangerine top na tinernuhan niya lang ng white capri pants para komportable siya mamaya sa photo shoot. At kahit loose ang kanyang suot na pang-itaas ay batid niyang sexy ang dating niyon dahil humahapit iyon sa bandang balakang niya. Alluringly subtle. Men liked that all the time. Kay Jax lang yata walang epekto iyon! Nasaan ba si Mr. Cupido pag kailangan niya?

Accessories at shoes na lang ang hindi pa niya suot dahil hindi pa naman siya paalis. Fluffy slippers lang ang sapin niya sa paa. Pero overall, alam niyang presentable siya.

Pinagbigyan niya ang sariling sipating muli ang hitsura ng bisita. He was wearing a baby pink polo with his sleeves neatly folded, slim-fit chino pants. She wondered how he could still look so masculine and sexy kahit naka-pink ito. Her heart did a double take! Pero pagkatapos ay biglang umigkas pataas ang kaliwang kilay niya. Preskung-presko ang dating ng binata!

“Why, what’s wrong?” bahagyang naalarmang tanong ng lalaki pagkakita sa reaksyon niya.

“Hindi ka papasok sa office?” pangungumpirma niya base sa kasuotan nito. Hindi nito gawaing pumasok sa opisina nang naka-casual attire.

“Nope,” mabilis na tugon nito. And then he was grinning. Alyssa’s heart melted, crush na crush niya ang ngiting iyon ng amo. Para kasi itong bata pag ganoon, lumiliit ang mga mata nito, nawawala. Hindi tuloy mapagkakamalang mala-dragon ito pag galit.

Pero Martes pa lang, may pasok dapat ito. “Holiday?” tanong niya ulit. Sinundan niya ang

lalaking pinatuloy na ang sarili sa kanyang unit. Dumerecho ito sa dining table at doon nilatag ang mga dala-dala na ngayon lang niya napansin. Dalawang malaking brown paper bag.

“Yup, I declare today as my holiday,” nakangiti pa ring pahayag nito, sabay kindat sa kanya. Pinigilan ng dalaga ang pagpitlag ng puso. Nang mailabas nito lahat ng laman ng brown paper bag ay pumalakpak pa ito at prenteng umupo na. “Come, ready na lahat, p’wede mo na akong timplahan ng kape!”

Napangiwi siya. Animo bata itong nagpapagawa ng gatas sa nanay. Batukan kaya niya ito?

“So you travelled all the way here para lang magpatimpla ng kape sa akin? Plus, you declared yourself on a holiday?” Hindi siya makapaniwala sa narinig.

“Yup.” Malapad pa rin ang ngiti nito, animo proud na proud sa naisip gawin. “Tara na, kape na. Sobrang miss ko na ’yung tinitimpla mong kape.”

“Ang lakas ng trip mo, Sir!” aniya habang sinisimulan na ang pagtitimpla ng kape. Two cups of Americano, parehong tall, isang cup ng milk, sampung pakete ng brown sugar. Mayron ding corned beef pandesal at butter croissant. Ginutom tuloy

siya sa amoy. “Sana pinatimplahan mo na rin d’un. Talagang dinala mo pa rito para ako ang magtimpla. Buti, mainit pa,” aniya habang pinagkakanaw ng kape ang lalaki. Nilipat niya ang mga iyon sa hiwalay na mug.

Mataman lang siyang pinanonood nito, not mindful of her nagging.

“Gusto mong manood ng news?” alok niya at baka mainip ito.

“Huwag na, I know you don’t like watching news. I’d rather watch how you make my coffee para maturuan ko si Lexie.”

Bahagyang nagdiwang ang puso ni Alyssa sa narinig. Hindi niya alam na napansin pala iyon ng dating amo.

“Tinuruan ko na siya, sinabi niyang sinusunod naman niya ’yung turo ko. Tinikman ko rin dati, pareho ang lasa.”

“No, it’s different. Mas gusto ko ’yung timpla mo.”

One more point! Hindi niya alam na mapapakinabangan niya pala balang araw ang pagkahilig niya sa kape. Malay niya, mabibihag pala niya ang binata sa pamamagitan ng kape.

*Uh-uh-uh!* warning ng isip niya. *Off-limits, ikakasal na siya, remember?*

*Ouch!* Para siyang binatang ng kaldero sa naalala. Muntik na niyang mabitawan ang cup na pinaglagaan ng gatas.

“Hey! What’s wrong?” tanong kaagad ni Jax. Alerto at akmang tatayo ito para alalayan siya.

“Ah, wala, nadulas lang. Buti hindi nalaglag...” tukoy niya sa mug na muntik nang mabitawan. “Kumusta nga pala ’yun fiancée mo? Kailan ang uwi?”

Sumeryoso ang anyo nito sa tinanong niya. Then, he shrugged his shoulders, as if dismissing the topic. Iniabot niya rito ang kape at pagkatapos ay kumuha ng platito para sa pandesal.

He murmured his appreciation for the coffee. Bahagya pang nakapikit ang mga mata nito na animo iyon talaga ang pinakamasarap na kapeng ininom nito sa buong buhay. That made Alyssa’s heart swell. Parang gusto na tuloy niyang bumalik sa office para lang ipagtimpla ng kape araw-araw ang dating boss. Hitsurang nag-suffer talaga ito dahil hindi natitikman ang kape niya.

“Now, this is coffee! My six-year old cup,” deklara pa nito. There was contentment in his voice.

“Hay, kaya ako napilitang mag-resign, eh, dahil sa kakaganyan mo,” wala sa sariling paninita niya sa lalaki. Bagay na ikinagulat nito. At bagay na ikinakagat-labi naman niya. She didn’t intend to say her thoughts aloud.

“Ha? Dahil nagpapatimpla ako parati ng kape sa ’yo? I didn’t realize hindi mo gusto ’yun. Sana pala nabanggit mo sa akin.” He sounded truly surprised. Akala siguro nito talaga ay dahil sa kape. Kung alam lang nito ang totoong dahilan, baka hindi muli nito ipagkatiwala ang pagtitimpla ng kape sa kanya.

Humagilap tuloy kaagad siya ng maipapalusot.

“No, it’s not that. I don’t mind making coffee for you,” was her simple answer. *In fact, gustong-gusto kitang ipinagtitimpla ng kape.* Bagay na hindi na niya magawang isatinig dahil wala siyang makakapang paliwanag para roon. Umupo na lang siya at nagsimulang kumain.

“So why leave? And as far as I know, hindi ko inaprubahan ang resignation mo, so technically, ako pa rin ang boss mo. And right now, I need to know why you decided to just leave.”

“Sir, I did not *just* leave. Binigyan na kita ng thirty-day notice. I believe that will suffice.”

“Not accepted. So, bakit ka nga nagre-resign?”  
giit pa rin nito.

“I cannot tell you, *Sir*.” Diniinan niya nang kaunti ang huling kataga. *Either iwasan mo ako o pagtawanan mo ako.*

“Why?” he asked again in between bites. Jax looked so at home in her little nook. How she’d love to share breakfast with him like this everyday.

“You won’t understand,” sagot niya. Sinundan niya iyon ng paghigop ng kape at pagkagat sa pandesal para di na mapilitang dugtungan ang sagot bagaman batid niya kung gaano ka-persistent ang kanyang amo.

“But I will, promise. ’Tsaka I really want to know, so please tell me. Pakiramdam ko kasi inabandona mo ako.” Nag-iba bigla ang tono nito. Parang nakikiusap pero may bahid ng kaunting panunumbat at pangongonsyensya. Pumormal ulit ang kausap. Humigop muli ito ng kape bago magpatuloy. “Nabigla ako, ang tagal na nating magkasama. Akala ko masaya ka naman sa working relationship natin.” Alyssa wanted to cringe at the term he used—working relationship. “You are well-compensated. Wala naman tayong issues. ’Tapos bigla kang aalis. I don’t get it.”

Bumuntong-hininga siya. Hindi niya inaasahan ang pag-iibang taktika ni Jax. Parang kinurot tuloy ang puso niya sa tinuran nito. Would she tell him the truth? Handa na ba siya sa magiging reaksiyon nito? Napakagat-labi tuloy siya, unconscious of the fact that he was staring at her, awaiting her explanation. Nang mapansin niya ang mga mata nito sa kanya, naramdaman niya ang pamumula ng mga pisngi.

“Hindi ko yata kayang sabihin sa ’yo,” aniya.

“Bakit?”

*Grr! Ang dami mong bakit!* “Well, uhm... it’s a girl thing...” was her lame excuse. Alyssa was fidgeting, she was playing with her fingers.

Bahagyang na-amuse ang binata dahil ngayon lang nito nakitang umasal ng ganoon ang babae. Lagi siyang poised, never unsure. Always confident.

“So? Gusto ko pa ring malaman. Promise, pag maintindihan ko, I’ll let you go. Hindi na kita pipiliting bumalik.”

*Let me go agad? Ay, parang gusto ko pa yatang magpapilit,* anang puso niya.

“Uhm, okay... So, I left... kasi...” She was searching for the right words to say.



“Kasi?” Impatience and anticipation were evident in Jax’s voice.

“*Imightkissyou,*” mabilis na tugon niya. Inaudibly quick. Pati yata siya hindi niya naintindihan ang sariling dialogue.

“Ha?” kunot-noong tanong tuloy ng kausap.

“Baka mahalikan na kita pag hindi pa,” banayad niyang ulit, pero halos pabulong at tila sarili ang kausap. *There! Nasabi ko rin!* Ngayon alam na niya kung gaano kahirap ang pagsisiwalat ng damdamin. Hindi na niya masyadong tatarayan ang mga suitors niya. Nakakapawis pala.

Pero kung pagbabasehan ang hitsura ni Jax, masasabing sayang lang ang pagtatapat ng dalaga. Mukhang wala pa rin itong naintindihan sa sinabi niya. Nakakunot-noo pa rin ito, animo pinipilit pa ring i-process sa utak kung ano ang sinabi niya.

Napakibit-balikat siya. At least, she could still save face. Hindi naman pala siya narinig ng kausap.

“Wala,” aniya. “I just want to pursue my passion,” pag-iiba niya sa sagot. She expected him to belittle her passion—makeup artistry. Pero walang ganoong lumabas sa bibig nito. Tumangu-tango lang ito, tila okupado ang isip.

“But you can do that without leaving. Lexie is miserable without you.”

“Si Lexie lang?” naibulalas niya, pagkatapos ay pinagalitan ang sarili.

“Okay, pati ako,” walang kaabug-abog na sagot nito. “I can’t live without your coffee, Alyssa.”

Ang kilig na naramdaman niya ay dagling naglaho. “Ay, parang nagdeklara ka lang ng undying love sa kape ko.” Napasimangot pa siya.

“Dapat ba sa ’yo?” He sounded so serious, hindi kaagad niya nahalata na inaasar lang siya nito. She swore she blushed! Nasundan iyon ng malutong na tawa ng lalaki.

Lokong Jax ito! Narinig ba siya nito kanina? Buking na yata siya, pinapa-obvious pa talaga.

“Kulit mo lang, Sir. Bahala ka nga, hindi na talaga ako babalik sa office!” pananakot niya kunwari para maitago ang pagkapahiya.

“Ito naman, hindi na mabiro. Ganito na lang, I’ll get a replacement pero paki-train mo muna, please. Give her a week or two. Then, you’re free to do your stuff. Promise.”

“Pag-iisipan ko.”

“Yup, please do. Pero for now, isang round pa ng kape, please,” nakangiting request nito.

---

Kinagabihan, hindi dalawin ng antok si Alyssa. Dapat ay naghihilik na siya sa mga oras na iyon gawa ng pagod sa photo shoot nila sa Batangas. Ramdam niya ang pagod dulot ng init sa beach dahil papalapit na ang summer, pero hanggang ngayon ay pabiling-biling siya sa higaan.

*“I heard what you said the first time,” simpleng turan nito bago siya bumaba mula sa sasakyan nito kanina. Dahil coding ang kotse niya ay nagprisinta itong ihatid siya sa meeting place nila ng mga kasamahan niya patungong Batangas. Iba-iba na ang mga napagkuwentuhan nila habang daan, kaya naman hindi niya kaagad maisip kung ano ang tinutukoy nito.*

*“Ha? Heard what?” nagugulumihanang tanong niya.*

*“That you are leaving because you fear you might kiss me,” he said in a matter-of-fact tone.*

*Gilalas si Alyssa! Could this be true? Could this be real? Wala siyang maapuhap na isagot. Sa kalagitnaan ng pag-aapuhap niya ng sasabihin ay nahuli niyang pangiti-ngiti si Jax. Batukan kaya niya ito? Parang na-*

*Love Kita, Sir - Darla Domingo*

---

*e-enjoy pa nito ang kanyang panic moment. Pagkatapos ay pumormal muli ito. But his eyes seemed to be dancing. Pakiwari niya ay nakangiti rin ang mga iyon.*

*“Sige na, baba ka na at baka magpa-kiss pa ako,” nakangiting untag nito nang hindi pa rin siya makahuma.*

*“H-ha?” Muli siyang nataranta sa tinuran nito. Hindi na mapigilan ang pagsirko ng puso niya. Baka magpa-kiss daw ang kanyang Sir Jax! Dininig na yata siya ni Mr. Cupido!*

*“Hindi ka na gumalaw diyan,” muling untag nito sa kanya nang hindi pa rin siya kumikilos. Not because she had not recovered yet, ninanamnam lang niya ang sandali. Sa dinami-dami ng beses na ini-imagine niya kung paano maire-reveal sa kanyang amo ang kanyang lihim na damdamin ay hindi ito naisama sa mga eksenang nabuo sa isip niya.*

*“Magpapa-kiss ka ba?” buong-tapang na hirit pa niya. Sugal na kung sugal. Tatal buking na. Then, she heard him break into a hearty laughter. Sarap sanang pakinggan kung hindi niya alam na siya ang pinagtatawanan nito. When she pouted, he laughed some more, seemingly delighted at her reaction. And she pouted some more. Then he reached for the door on her side and gently opened it for her.*

*Love Kita, Sir - Darla Domingo*

---

*“Pag-iisipan ko. I’ll see you in the office on Friday,”  
habol pa nito bago niya maitulak pasara ang pinto.  
Then he sped off.*

# 3

Biyernes ng umaga, isang linggo matapos ang pagbisita sa kanya ni Jax at ang kanyang nakakalokang pagtatapat ng damdamin. Imbis na outfit at makeup ang pinagdedesisyunan ni Alyssa ay ibang bagay ang umookupa sa isip niya.

Paano ba niya haharapin ang lalaki ngayong lantad na rito ang damdamin niya? Sa totoo lang, hindi na sana niya pagbibigyan ang kahilingan nitong bumalik sa office. Naawa lang siya kay Lexie. Isa pa, may napili na raw si Jax na replacement niya kaya ite-train na rin niya.

Pero ang mas lamang na rason ng pagpayag niya ay ang kagustuhang makita at makasamang muli ang binata. Kahit pa sabihing buking na siya nito. Lahat ay alam niya maliban sa napipintong pag-aasawa nito na lately lang nakarating sa kanya. Pumitlag ang puso niya sa naalala. Ang sakit isiping wala talaga siyang pag-asa sa dating amo.

Pero paano ba siya kikilos ngayong bistado na siya ni Jax? Paano niya ba ito ipagtitimpla ng kape? Paano niya ito ibibili ng lunch, merienda, dinner? Paano niya ito sasamahan sa mga out-of-town

business engagements? Paano na niya ito ibibili ng briefs?

Lahat na ng gagawin niya ay mabibigyan na nito ng kulay. She was no longer free to enjoy doing things for him, caring for him, looking after his needs. Hindi na rin niya ito mapagmamasdan nang palihim dahil bistado na nga siya.

Maybe she wanted him to know about her feelings, but not this way. Ang challenging tuloy dahil kailangan niya pang makasama ito ng dalawa o tatlong linggo. Sana lang ay maturuan niya kaagad ang kinuha nitong kapalit para hindi siya masyadong ma-torture. Pero kunsabagay, torture din ang hindi masilayan ang guwapong mukha ng kanyang amo. Miss na miss na nga ng ilong niya ang amoy nito.

Lahat daw ng umiibig ay nababaliw. Kung bakit kasi hindi niya napigilan ang sariling ma-in love kay Jax. Nagbitiw nga siya sa trabaho pero buking naman siya.

---

“Ma’am Alyssa! Welcome back!” Hindi maitago ang tuwa sa mukha ni Lexie pagkakita sa kanya. At dahil maaga pa ay batid niyang wala pa si Jax. Nine-thirty pa ang dating nito. Puwede pa silang

magkumustahan ni Lexie. “Buti na lang pumayag kang bumalik, kahit saglit lang. Super na-miss kaya kita,” malambing na turan nito, parang maiiyak pa sa tuwa.

“Sobrang tinakot ka ba ni Sir habang wala ako?”

“Ay, oo, sobra! Laging galit. Pero nasasanay na rin ako. Parang hindi na ako gaanong affected kahit naninigaw.”

“That’s good! S’abi ko naman sa ’yo, detach mo lang emotions mo sa trabaho para di ka affected. Nag-breakfast ka na?”

“Hindi pa nga, eh. Nagmamadali akong pumasok kasi nga alam ko, darating ka.”

“O, tara, breakfast tayo, treat ko. Mamaya pa darating si Sir.”

“Naku, baka magalit siya. Alam mo naman si Boss, ayaw ng late.”

“Ang aga nga natin, eh. Lalabas lang tayo para kumain. We’ll be back by nine. ”Tsaka sagot kita.”

Masaya pa silang naghuhuntahan pagbalik sa office bandang alas nueve nang ang nakakunot-noong mukha ni Jax ang nabungaran nila. Nakasandal ito sa kanyang mesa at nakahalukipkip. Apparently, maaga



itong pumasok sa araw na iyon. Excited din kayang makita siya?

*You wish*, anang isip niya. Base sa pilegis sa noo nito, mukhang hindi nga.

“To your desk, Miss Agustin!” singhal nito kay Lexie na mabilis namang tumalima. Pagkatapos ay siya ang binalingan nito. “To my office, Miss Corporal!” Nag-about face na ito at tinungo ang private office.

Kinindatan niya si Lexie na halatang kabadungkabado bago sinundan ang amo sa silid nito. Sinenyasan niya rin ito na mag-brew na ng kape sakaling maghanap ang lalaki. Mahirap nang masinghalan ulit.

“You are not setting a good example, Miss Corporal,” panimula kaagad nito hindi pa man siya nakalapit sa upuan sa harap ng mesa nito.

“I’m sorry?” tanong niya. Ano ang ibig nitong sabihin? Mali na ba ang mag-breakfast? “Sinama ko lang mag-almusal si Lexie. Friday naman and we don’t normally—”

“That is not an excuse, Miss Corporal.”

Alyssa cringed at the sound of her surname. Parang ang pait sa pandinig pag si Jax ang nagsasabi

niyon. Napakadalang siyang i-address nito ng ganoon. Mas sanay siyang ‘Alyssa’ ang tawag nito sa kanya kahit pa tungkol sa trabaho.

“Lalo na at aalis ka rin, ngayon pa lang dapat pinapaintindi mo na kay Lexie ang proper work ethics. Hindi ’yung kinukunsinti mo pa,” dagdag nito.

“I’m sorry, Sir,” aniya para hindi na humaba pa ang usapan at hindi na lalong mag-init ang ulo nito.

Pagkarinig sa paghingi niya ng paumanhin ay parang natauhan ito at hindi na nagpatuloy sa panenermon. Mukhang may sasabihin pa ito ngunit hindi na iyon tinuloy.

“All right, ’wag nang mauulit. Jenna Magdangal will be reporting after lunch today. I want you to start her training immediately.”

“Parang ayaw mo akong magtagal, ah,” komento niya.

“Don’t be cheeky with me, Miss Corporal. Not this morning. Isa pa, ikaw ang may gustong umalis. I never wanted you to leave. Anyway, I’ll be attending a business conference on Monday. You’ll come with me. We’ll leave on Sunday night.” Hinarap na nito ang nakatambak na mga dokumento sa mesa.

That meant she was being dismissed so she quietly left his office. Paglabas ay naamoy niya ang brewed coffee. *Hmph! Hindi nga kita ipagtitimpla, pagmamarkulyo ng damdamin niya.*

Pero mayamaya lang ay hindi rin niya ito natiis. Ginawan din niya ng kape ang amo dahil batid niyang hindi pa ito nagkakape. May isinama siyang note nang ipasok niya ang kape sa silid nito.

*For you, Sir... even though you're being too proud to ask for your cup.*

Nilagyan niya iyon ng smiley sa dulo. Bahala na kung lalong magalit ang amo sa kanyang message. Pero sa sarap ng kape niya, alam niyang malabong mangyari iyon.

---

Nang sumapit ang linggo ng gabi ay dinaanan siya ni Jax sa kanyang condo unit. Kasalukuyan silang nasa Baguio. Siya ang isinama nito dahil hindi pa kabisado ng bago nitong assistant ang trabaho. Pagod sa biyahe at sa maghapong conference, pero hindi makatulog si Alyssa sa kanyang silid. Sa huli ay ipinasya na lang niyang magtungo sa silid ni Jax.

“Sir?” alanganing tawag niya, sabay katok sa pinto ng inookupang kuwarto ng binata. Pero bago

pa man niya marinig ang pagtugon nito ay pinihit na niya ang doorknob. Nakahinga siya nang matuklasang hindi iyon naka-lock.

Saktong pagpasok niya ay siya namang paglabas ni Jax mula sa banyo. And although he was fully clothed, batid niyang katatapos lang nitong mag-shower. Basa ang buhok nito at bahagya pang tumutulo ang tubig mula roon. Parang gusto niyang mag-volunteer na tuyuin iyon sabay inhale na rin sa amoy ng binata. Imbis na heartbeat ay drum rolls yata ang narinig niya sa kanyang dibdib.

“You need anything?” tanong nito. She tried to calm her thoughts.

“Ah, eh... Sir, okay lang ba dito na lang ako matulog? Please?”

“Ha? Why? What’s wrong with your room?” They were staying at *The Manor* in *Camp John Hay*. Bagaman matanda na ang hotel ay well-maintained ito at hindi masasabing spooky. In fact, it was one of the best hotels in Baguio.

“Wala naman kaya lang, Sir, hindi ako mapakali... Pakiramdam ko may nanonood sa akin.” Hindi siya likas na matatakutin, ngunit dala marahil ng view sa kanyang silid na pulos pine trees at pati na rin

ng mga kuwentong Baguio na nagpasalin-salin kaya naglulumikot ang imahinasyon niya.

“Matatakutin ka pala,” simpleng komento nito. “Saan ka matutulog? Ayokong matulog sa sahig.”

“Eh, di tabi tayo, Sir. Hindi problema ’yun. Don’t worry, safe ang puri mo sa akin.”

As if may choice ang binata dahil kasalukuyan nang inaayos ni Alyssa ang side ng kama na balak tulugan. Sapat ang bilang ng unan kaya hindi sila mag-aagawan. She was wearing a pair of pajamas with tiny teddy bear prints. May suot din siyang fluffy slippers, hindi iyon complimentary slippers ng hotel.

“Sabagay, mukhang dala mo na rin lahat ng gamit mo,” he commented upon seeing her luggage bag in one corner. She just smiled sweetly at him and continued to fluff her pillows. Naglabas na rin siya ng libro at nagsimulang magbasa.

“Agahan mo ang gising bukas, ha? Mag-jog tayo.”

Pero sa imahinasyon niya ay malayo sa ‘safe’ si Jax. Kanina pa ito himbing sa pagtulog at bahagya pang naghihilik, pero hindi naman dalawin ng antok ang dalaga.

Kung kanina ay horror ang tema ng mga eksena

sa isip niya, ngayon naman ay pawang R-18. Paano ay damang-dama niya ang init ng katawan ng lalaki sa ilalim ng duvet. Share lang sila dahil isang kama lamang ang nasa silid na iyon. He was sleeping on his side, paharap sa kanya. At bagaman may unan na nakapagitna sa kanila ay langhap pa rin niya ang mabangong katawan ng katabi. Humahalo ang natural scent nito sa shower gel na ginamit.

Naubos na ang takot niya. Mas abala na kasi siya sa pagtitig sa payapang mukha ng binata. Ang sarap nitong panooring matulog. His face was the last picture in her mind before she drifted off to dreamland.

---

Jax was first to get up the next morning. Bago niya gisingin si Alyssa ay natagpuan niya ang sariling pinagmamasdan ito. Para itong bata kung matulog, nakabaluktot into a fetal ball, nababalot ng duvet at tanging mukha lang ang nakalitaw. Nagkalat ang kulot nitong buhok sa mukha nito. Parang phone wire ang mga iyon, parang ang sarap tuloy ikut-ikutin sa daliri niya.

Wala ring makeup ang dalaga. Sa palagay niya ay mas maganda ito nang walang kahit anong bahid ng makeup ang mukha. Natural na mamula-mula ang

mga pisngi at lips nito. Gawa rin marahil ng lamig sa Baguio.

She stirred in her sleep at bago pa ito magising ay tumayo na siya upang gumayak. Nang makapagbihis at makapagsepilyo ay saka niya ginising ang dalaga.

“I’ll wait for you downstairs. ‘Wag ka nang maligo at mag-makeup please,” bilin pa niya rito.

Nakapag-stretch na si Jax pagbaba ng dalaga sa reception area. She decided to wear black cycling shorts at isang simpleng white shirt na tinupi lang ang mga manggas. Naka-high pony lang ang buhok nito at wala ring suot na makeup. She looked perfect for a sweat session! Pero nadismaya siya pagkakita sa footwear nito.

“You didn’t bring rubber shoes?” His tone was accusing. Ilang beses niyang binilinan ito na magdala ng pantakbo dahil gusto talaga niyang mag-jog sa Baguio, backdrop ang malamig na klima at magandang view roon.

“Hindi na kasya sa bag ko,” pagdadahilan nito. Pero ang totoo ay wala itong matinong rubber shoes dahil hindi naman ito gym buff. Hindi na rin ito bumili dahil hindi nito naisip na magagamit pa ulit ang mga iyon. Tanging sneakers ang mayroon ang

dalaga.

“Nakapagdala ka ng dalawang pares ng high-heeled shoes mo plus your fluffy slippers, a pair of flip-flops for the bathroom and those sneakers pero hindi mo nagawang mag-impake ng rubber shoes,” iritableng litanya niya. “Sana kasi ’yun na lang ang dinala mo imbis na ’yan.”

---

She grinned widely. Ang cute talaga nito pag nagmamaktol! In fairness, na-note nito lahat ng dala niyang footwear!

“P’wede na ’to, Sir. Maglalakad lang naman ako, eh.” Nagpatiuna na siya sa paglalakad para hindi na mapahaba ang homily ni ‘Father Jacinto’.

Lalo pang naasar si Jax nang magreklamo siyang masakit na ang mga paa. Iika-ika siyang maglakad at sumalampak na lang sa sidewalk. Mga thirty minutes na rin kasi siyang naglalakad-takbo para makasabay sa pag-jog ng binata. At dahil rolling terrain sa loob ng *Camp John Hay* ay talaga namang napalaban ang kanyang mga paa. Sanay siyang maglakad nang naka-heels, pero usually ay naglalakad siya sa carpeted o patag na sahig. Hindi tulad ngayong pataas-pababa at naka-sneakers siya. At dahil hindi parating nagagamit



ay medyo stiff pa ang tela ng sapatos.

She hastily removed her shoes. Wala na siyang pakialam kung wa-poise na ang dating niya. She cringed upon seeing blisters on her left ankle. Buti at hindi injured ang kanang sakong niya. Mangingitim ang mga iyon, kailangang malagyan kaagad niya ng ointment mamaya. Napapalatak ang lalaki paglapit sa kanya. He knelt in front of her.

“Ang tigas kasi ng ulo mo! Look at what happened to your foot,” panenermon nito. He carefully studied her foot and gently blew on it as though to lessen the pain.

“Huwag ka nang manermon, ’kita mo nang nasugatan na ako, eh.”

“Can you walk?”

“Oo naman, pero magpapaa na lang ako. I can’t wear these shoes again.” Ipinangako niya sa sarili na hindi na ulit siya magsusuot ng gayon. Tinulungan siya ni Jax na makatayo. Pero pagkatapos ay pumuwesto ito sa harapan niya at pinasasakay siya sa likod nito. Atubili ang dalaga.

“Sige na, huwag ka nang maarte. Baka lalo ka pang masugatan pag nagpaa ka. Malayu-layo rin ang lalakaran pabalik ng hotel.”

*Love Kita, Sir - Darla Domingo*

---

Ang ending ay pasan siya sa likod nito all the way back to the hotel.

# 4

Sampung araw pagkatapos tuluyang mag-resign ni Alyssa ay nakatanggap siya ng tawag mula kay Jax. Tumibok nang mabilis ang kanyang puso pagkakita sa pangalan nitong naka-register sa screen ng kanyang *iPhone 5*. Hinayaan muna niyang mag-ring iyon bago sagutin.

May pabor daw na hihingin sa kanya, kung puwede silang magkita. *Of course, golf course!* pagbubunyi ng damdamin niya. Bakit siya tatanggi?

She took notice of his get-up that day. He wore a dark grey V-necked shirt with the sleeves rolled up to his elbows. Nakasuot ito ng maong pants. Sa hitsura nito, hindi iisiping thirty na ang dating boss. At dahil semi-fit ang shirt na suot nito, hindi niya mapigilang masdan ang muscles na bumabakat doon. Hindi naman ito sobrang maskulado pero halatang alaga sa gym ang katawan. Nakaka-tempt kurutin!

“So, where to?” tanong niya rito.

“Basta, may ipapakita ako sa ’yo.” Nakakalokong ngiti ang nakapaskil sa mukha nito. He was grinning like a child and it warmed her heart. May mga

pagkakataon na parang dragon ang boss niya, pero minsan pag down ang guard nito, mistula itong bata na carefree, masarap kausap. And she felt a sense of pride knowing she had the privilege to see his softer side. Pakiramdam niya ay front lang ang matapang na demeanor ng lalaki.

Kunsabagay, Jax was merely thirty, too young to be running a company. Ayaw nitong mabansagang basta na lamang *COO* o *child of the owner*. Ang gusto nito ay respetuhin ang pamamalakad nito out of his own merits and credibility. He had to be authoritative or even fearsome for his employees to follow him.

---

Pumasok sila sa isang sikat na condominium building sa bandang *Rockwell*. Pagkatapos mai-lock ang sasakyan ay naglakad si Jax patungo sa isang bahagi ng parking area. Sinundan na lamang niya ito. Tumigil sila sa space kung saan nakaparada ang mga motorsiklo. Nilapitan nito ang isang big bike na berde ang katawan. Walang alam sa ganoong uri ng sasakyan si Alyssa, but she recognized the brand.

“Now, this is my baby. Say hi to Demi!” pakilala pa sa kanya ng binata sa motor nito. Pride was in his voice. May sapak din ito kung minsan. Pangalanan daw ba ang motor. But she humored him.

“Hi, Demi!” bati niya sa motor, bagay na ikinatawa ng kasama niya.

“It’s a *Kawasaki Ninja ZX-10R*, one of the quickest accelerating production vehicle in the world!” may pagmamalaking dagdag pa nito.

“Magmo-motor tayo?” tanong niya kahit obvious ang sagot. Tango lang ang isinagot nito. Marunong pala itong magmaneho ng gayon. Sabagay, hindi siya magtataka kung nakikipagkarera ito.

Sinuotan siya nito ng helmet at maging ng riding jacket. At kahit nagsisimula na siyang pagpawisan gawa ng init sa parking lot ay hindi pa rin mabawasan ang kilig niya. Her ex-boss was making sure she was properly wearing her jacket and helmet. Nang makontento ay ito naman ang gumayak. Wala pang limang minuto ay nakaayos na ito at minuwestra sa kanya kung paano siya sasakay. Dahil malaking motor ay may kataasan ang upuan niyon.

“Are you scared?” tanong nito nang sa wakas ay makalabas na sila mula sa parking lot.

“Slight,” aniya, bahagyang pasigaw dahil baka hindi siya marinig ng binata.

“Trust me, basta huwag ka lang bibitiw.” Itinuro nito sa kanya kanina kung saan hahawak. Banayad

lang itong magpatakbo sa umpisa, but when he started picking up speed, napahigpit ang kapit ng dalaga sa belt nito.

Binagtas nila ang daan patungong Marcos Highway at pagkatapos ay tumulak pa papuntang Antipolo. Mayamaya pa ay pulos bundok at puno na ang natatanaw niya sa paligid. Sinabi ni Jax na iyon daw ang tinatawag na ‘MaRiLaQue’ (Marikina-Rizal-Laguna-Quezon). Nagsisimula iyon sa Marikina, all the way to the *Sierra Madre Mountain Ranges* of Rizal, bulubundukin ng Laguna, at hanggang sa Infanta, Quezon. Pero ang destinasyon nila sa haponng iyon ay sa *Sierra Madre* lamang.

Marami silang nakakasalubong na mga motor at mga sportscars sa gawing iyon. Doon daw talaga naglalagi ang mga may-ari ng ganoong klaseng sasakyan dahil doon ay malaya silang makapagpatakbo nang mabilis.

Jax parked inside what appeared to be a restaurant-resort. Para iyong treehouse na may tatlong palapag. Nagpasya silang sa pinakataas umupo. It was already five thirty in the afternoon. He ordered juice and sandwiches for both of them. Tamang-tama dahil gutom na siya.

“We’ll wait for the sun to set. Perfect ang view

dito,” anito sa kanya pagkatapos. Nakapuwesto sila sa veranda ng treehouse na nakaharap sa kanluran kung saan lulubog ang araw mamaya. They had an encumbered view, kaya mapapanood talaga nila ang sunset. Nakatanaw sa labas ang lalaki. Mataman itong nakamasid lang sa view.

Malaya tuloy itong napagmasdan ni Alyssa. Pero kahit hindi niya titigan ang lalaki ay kayang-kaya niyang ilarawan ito. She knew his face by heart. At alam din niya kung kailan may gumugulo sa isip nito.

“You look bothered, Sir,” aniya rito makaraan ang ilang sandali. Nilingon siya ng binata. Malamlam ang mga mata nito. But he didn’t say anything. Sumenyas lang ito para lumapit siya.

“Why don’t you drop the ‘Sir’? Hindi mo na ako boss. Call me ‘Jax’,” sabi nito paglapit niya. Nagkibit-balikat siya.

“Habit, I guess. Mas sanay akong tawagin kang ‘Sir’.”

“I’m getting married,” walang seremonyas na deklara nito.

She already knew it but hearing it from him made all the difference. Mas iba ang impact, tila nakakabingi. It was more painful. Maybe it gave it

the finality, na totoo ngang ikakasal na ang binata.

“I know,” tugon niya, pilit na itinatago ang pait at lungkot sa tinig. Nang hindi na magsalita pa ang lalaki ay nilakasan na niya ang loob na magtanong. Somehow, she felt the need to know. “Do you love her?”

“No.” His answer was abrupt. “How can I love someone I do not even know?” tanong nito sa hangin. He sounded desperate, he sounded lost. Tila nagpapasaklolo.

Subalit ano ang magagawa niya maliban sa makinig?

Jax went on. “I mean, kilala ko si Savannah. We’ve been friends with her family since God knows when. Maybe we played a few times when we were younger bago siya isama sa Spain ng mga magulang niya. Pero hindi sapat iyon para tubuan ako ng pagmamahal sa kanya, o pakasalan ko siya.”

“So why push through with the wedding?”

“Si Papa. It sounds crazy, really, when you try to rationalize. But to them, it’s like the realization of a dream for him and his best friend, Savannah’s dad. They had this crazy pact when they were younger, that if time and fate will bless them both with a



fortune, it means their families are destined to be one. It's crap, hindi na uso ang mga ganyang kasunduan ngayon. And it's not as if we owe what we have to fate. It's not as if we did not work hard to get the company to where it is right now."

"Pero bakit ikaw?"

"Dahil ako lang ang lalaki sa mga anak ni Papa. All my siblings are girls. And Savannah is Tito Juancho's only child. Obviously, ako ang sacrificial lamb."

"Can't you just say no to your father?"

Nagpakawala ito ng hininga. "I hope I can. Well, at least, I tried once to talk him out of it. Na wala namang buting idudulot ang pagpapakasal namin ni Savannah. Pero inatake siya pagkatapos. Hindi ko mapapatawad ang sarili ko pag may nangyari kay Papa.

"You see, Alyssa, I don't have the heart to break my father's heart. Mula nang mamatay si Mama, hindi na bumuti ang kondisyon niya. And it is his earnest wish that Savannah and I get married para ma-witness pa niya."

She processed everything quietly. Somehow, hearing the pain in his voice also broke her heart.

Clearly, he was torn between being a good son and following his own desires. She herself could not imagine having to agree to marry someone she did not love or even know. And it made her respect for Jax grow even more.

Kitang-kita kung gaano ang pagmamahal at pagpapahalaga nito sa magulang. Kahit pa sariling kalayaan nito ang kapalit. And despite the pain brought by the fact that he had agreed to marry another, her heart swelled with pride for him.

---

“Thanks, Sir, I had a great time,” anang dalaga nang maihatid siya nito sa kanyang condo unit. Talagang nag-enjoy siya sa pagmomotor nila ng binata. Now, she understood why he loved speed. Masarap pala iyon sa pakiramdam. Parang nililipad, parang malaya.

“Next time, punta tayo sa mas malayo, gusto mo?” Jax sounded as pleased as she.

“P’wede tayong pumunta ng *Puerto Galera*?” natutuwang tanong niya. Na-excite siya sa prospect na makarating doon on two wheels.

“Sure, basta ba kaya mong umupo sa motor ng three hours.”

*Love Kita, Sir - Darla Domingo*

---

Napanganga siya. “Three hours? Super tagal pala, pero kaya ko ’yun. P’wede namang magpahinga, di ba?”

Natutuwa ito sa nakitang excitement sa mukha ng dalaga. At least, it was another thing they would enjoy together.

“Dapat pala next weekend na,” bigla ay sabi niya.

Kumunot ang noo nito. “Bakit?”

“Engagement party mo na kasi three weeks from now. Hindi na kita makakasama.”

Patlang.